

Pagbabago sa Konstitusyon 304

~~Ang naka-bold at naka-strikeout na pag-type ay nangangahulugang inalis ang kataga~~
Ang naka-bold na pagsalungat ay nangangahulugang idinagdag ang kataga

Artikulo XV MGA OBLIGASYON NG MGA LOKAL NA UNYON

Baguhin ang subseksyon (c) ng Seksyon 6 ng Artikulo XV upang alisin ang napili para sa mga sistema ng porsyentong bayad sa pagiging kasapi sa sumusunod na paraan:

[6](c). Ang Mga Lokal na Unyon, kung saan ang Konstitusyon at Mga Alituntuning Panloob ay nagtatakda ng sistema ng bayarin bilang kasapi maliban sa sistema ng flat na rate (hal., isang scale, kada oras, o porsyento na sistema ng pormula), ay dapat na magpanatili ng pormulang kailangan upang makabuo ng minimum na mga pagbabayad sa pagiging kasapi na katumbas ng mga flat na rate na nakasaad sa seksyong ito.

~~Ang bawat Lokal na Unyon ay dapat na magpursigi upang magkaroon ng sistema ng bayarin bilang kasapi na batay sa porsyento ng mga buwanang gross na kita.~~

Ang minimum na porsyento ng rate na kinakailangan para sa pagpapalit sa sistema ng porsyento ng bayarin bilang kasapi ay dapat na ang rate na magbibigay sa Lokal na Unyon ng kitang katumbas ng kung ano ang matatanggap nito kung sakali sa ilalim ng naunang sistema ng pagbabayad bilang kasapi mula nang petsang iyon. Ang kalkulasyon ng kita, na sa ibang paraan ay matatanggap sa ilalim ng naunang sistema ng pagbabayad bilang kasapi, ay dapat na nakabatay sa karaniwang buwanang membership ng Lokal ng Unyon sa panahong anim na buwan na matatapos nang isang buwan bago ang petsa ng pagpapalit na iyon.

Ang mga tanong na may kinalaman sa paglalapat o interpretasyon ng subseksyong ito ay dapat na malutas sa pamamagitan ng pagpapasya ng Internasyonal na Kalihim at Ingat-Yaman, na napapailalim sa apela sa Executive Board.